# KALATAS

*Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan*

*TOMO 44 BILANG 10* *BASAHIN AT TALAKAYIN* *OKTUBRE 2024*


*EDITORYAL*

## Pasista-teroristang estado, durugin, ibagsak!

Mistulang masibang halimaw ang pasista-teroristang estadong naghahari sa Pilipinas sa tuluy-tuloy na pang-aatake sa mamamayan at pangwawasak sa mga komunidad. Walang pinipili, walang isinasaalang-alang na karapatan o batas ang estado at mga tauhan nito sa loob ng AFP at PNP. Sila ang mababagsik, masasama at taksil-sa-bayang kalaban na puspusang nilalabanan ng mamamayan—at dapat tuluy-tuloy na labanan sa kabila ng mga pinsala at pansamantalang pag-atras.

Ang mga pasistang naninibasib sa buong bayan ay sugo ng mga gahaman at hayok-sa-kapangyarihang naghaharing uri at imperyalismo. Sa ngayon, walang iba kundi ang rehimeng US-Marcos II ang tumatayong amo ng mga berdugo at punong pasista. Pinakikinabangan nito ang iniwan ng nagdaang rehimeng Duterte na mga patakaran at intrumento tulad ng gera kontra-droga, Anti-Terrorism Law at NTF-ELCAC sa higit pang paghahasik ng teror sa bansa. Gayunman, ang pasistang katangian ng estado ay hindi dapat ipagkamali na dinala lamang ng isang pinuno o naghaharing pamilya. Hindi nakasalalay sa apelyido ang pag-iral ng pasismo-terorismo, gaya ng hindi maaaring angkinin ng isang angkan ang pagpapanumbalik sa "demokrasya". Sa isang malakolonyal at malapyudal na sistema, umiiral ang pasismo at terorismo upang itaguyod ang paghahari ng pyudalismo, imperyalismong US at burukrata-kapitalismo.

Pangunahing kundisyon sa pagpapakawala ng terorismo ang dumadausdos na ekonomya at papalalang krisis ng imperyalismo. Itinutulak ng krisis ang pagpapatupad ng mapaniil na mga hakbangin upang seguruhing makontrol ng iilang naghahari ang mga rekurso at masolo ang yamang malilikha mula rito. Walang maaaring humadlang sa mga imbing pakanang ito—dahas ang ipantatapat sa sinumang kumukwestyon at tumututol. Krudong-krudo ang paghugot ng pwersa upang agawin mula sa mamamayan ang lupa at iba pang mahahalagang rekurso sa



# KALATAS

Oktubre 2024
TOMO 44 BILANG 10


NILALAMAN


1 Pasista-teroristang estado, durugin, ibagsak!

3 Tuluy-tuloy na kilusang pagwawasto sa TK

4 Ayon kay Ka Joma

4 Ang pagbabalik sa Cherry sa panahon ng kilusang pagwawasto

5 Kainutilan ng gubyerno sa pagkalat ng ASF sa Batangas

6 Bugso ng crackdown, paghahasik ng puting lagim sa TK

7 Paano nakikinabang ang US sa mga gerang agresyon ng Zionistang Israel sa Middle East?

9 Technol Eight, nagmamatigas sa demanda ng mga manggagawa

10 Demolisyon at panunuong ng mga komunidad sa Laguna

10 Mga manininda at drayber sa Batangas City Pier, lumalaban para sa kabuhayan

11 Panawagan sa Buwan ng Magsasaka: Tutulan ang neoliberalismo at kumbersyon ng lupa

12 Kalatas Komiks



Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.

Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Tumatanggap ito ng mga liham sa:

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

tumblr.com/strevportal

@comkathryn.bsky.social


mga kabundukan at katubigan. Sa mga lungsod, sanib-pwersa ang sariling tropa ng gubyerno at mga upahang tauhan ng mga burgesya sa pagpapalayas sa mga maralita at pagpapanatili ng mala-aliping kalakaran sa paggawa.

Sa TK, nililigalig ng pasistang estado ang mga lugar na pinagnanasaang ipailalim sa palit-gamit at ispekulasyon ng merkado, at hinahalihaw ang mga kabundukan at katubigang sagana sa mga rekursong mineral at enerhiya. Hinuhubog ng estado ang rehiyon, na katabi lamang ng pambansang kapitolyo, upang pagsilbihan ang ekonomikong interes at luho ng mga burgesya kumprador at imperyalista.

Nangyayari ito sa mga pamayanang magsasaka at katutubo sa mga probinsya ng Occidental Mindoro, Laguna, Cavite, Batangas, Rizal at Quezon. Nitong Oktubre 18 lamang, 3 araw bago ang araw ng paggunita sa Buwan ng mga Magsasaka, hinuli at ikinulong ang 29 magsasakang Mangyan-Iraya mula sa Lupang Almeda, Abra de Ilog, Occidental Mindoro. Dinakip sila sa gitna ng pagpoprotesta sa pang-aagaw ng lupang matagal na nilang binubungkal at tinitirhan. Pinagtutulung-tulungan ng mga reaksyunaryong ahensya ng DAR, mga korte at *goons* ng mga PML-MBK ang marahas na pagsupil sa masang magsasaka.

Nais ng naghaharing pangkatin na palitan ang mga nalalabing sakahan ng mga sentrong pang-komersyo at magagarang eryang residensyal na hindi naman tutugon sa pangangailangan ng nakararami. Pati ang nananahimik na mga bundok ay gagambalain upang tayuan ng mga proyektong ekoturismo at mamahaling resort. Sa mga estratehikong posisyon tulad ng Balabac, Palawan, nakaamba ang pagtatayo ng base militar ng US at pook-libangan ng mga dayong tropa sa mga lupang aagawin mula sa mga minorya.

Matindi ring pang-aapi ang humahagupit sa mga unyonista at lider manggagawa sa loob at labas ng mga empresa. Nitong Oktubre 27 lamang, iligal na inaresto at ipiniit ang mga lider ng kilusang paggawa na si Gavino Panganiban at Maritess David. Hinuli ang dalawa sa Makati City habang nag-aayos ng operasyong relip para sa mga nasalanta ng bagyo. Pilit ikinukubli ng mga kapitalista ang karahasan sa mga pagawaan, subalit hindi ito maikakaila sa mga modus na pagbantaan at tanggalin sa trabaho ang mga kasapi't lider ng unyon. Masahol pa, nakikipagsabwatan ang mga kapitalista sa AFP-PNP at NTF-ELCAC sa pang-re*redtag* at pagpapahamak sa mga obrerong nais lamang itaas ang sahod at matamo ang seguridad sa trabaho.

Sa kalagayang hibang at desperadong panatilihin ang *status quo* ng grabeng pagsasamantala ng dayuhan at iilan sa nakararami, iwinawasiwas ng estado ang pasismo-terorismo upang magtanim ng takot at pagkamanhid sa mamamayang labis nang nagdurusa. Nagsasagawa ito ng malulubhang krimen at mga aktong tahasang lumalapastangan sa buhay at dignidad ng tao. Lubha nitong pinalaki ang "banta" ng droga na dapat puksain para ipakana ang gera kontra-droga bilang tabing sa malawakang pamamaslang sa mahihirap. Sa harap ng nagdudumilat na kahayupan, ipamamarali ng estado ang kaisipang binibigyang-matwid ng resulta ang pamamaraan. Para naman lipulin ang mga "komunistang rebelde" at lahat ng masang lumalaban sa gubyerno, itinumbas nito ang komunismo at lahat ng tipo ng paglaban sa terorismo. Kung gayon, sapat lamang na "limasin ang tubig upang mamatay ang mga isda". Ang iba pang mapipinsala sa proseso ay kolateral na hindi kayang iwasan.

Lumilinaw na ang brutal na gera ng GRP na diumanong nakatutok sa paglipol sa PKP-BHB-NDFP ay sa katunayan, isang gerang nakadisenyo

upang kitlin ang paglaban ng mamamayan para sa kanilang buhay, kabuhayan at karapatan. Ito ang dahilan kaya hindi pinag-iiba ng GRP ang mga sibilyan at walang kalaban-laban sa mga armadong kalaban nito. Sa binaluktot at utak-pulburang pag-iisip ng AFP-PNP, tama lamang na gamitin ang lakas-militar upang tabunan hanggang mapatahimik ang kalam ng sikmura at sigaw ng bayan para sa hustisyang panlipunan.

Sa pagiging militarista at sukdulang pasista, ang GRP mismo ang nagbibigay ng puwang upang pagdudahan ang sinseridad nitong harapin ang rebolusyonaryong kilusan sa mesa ng negosasyong pangkapayapaan. Gagatungan pa ito ng walang pakundangang pang-aatake ng GRP sa mga kinatawan ng NDFP sa *peace talks*. Pinakahuling kaso ang pagdakip sa NDFP *peace consultant* ng Southern Tagalog na si Wigberto Villarico at istap niyang si Marjorie Lizada sa Quezon City noong Oktubre 27. Labag ito sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees at sa internasyunal na makataong batas, lalo't may edad na at maraming sakit si Villarico.

Ang kadiliman ng pasismo-terorismo na lumulukob sa bayan ay marapat na puksain ng maalab at puspusang pakikibakang bayan. Kailangang tanganan ng mamamayan ang panawagang lumaban hanggang huli at huwag kailanman isuko ang armadong pakikibaka na siyang mapagpasyang larangan sa paggupo sa papet na estado. Kailangang magbangon at lumaban, hindi lamang upang ipagtanggol ang ating sarili at mga organisasyon, kundi pati ang mga nakamit nang tagumpay sa higit limang dekadang pambansa-demokratikong rebolusyon.

Kinakailangang batahin ng lahat ng demokratikong pwersa, sa pangunguna ng Partido Komunista, ang masalimuot, mahirap at masakripisyong pakikibaka. Ang dakilang paglaban ng mamamayan ang gagapi sa mabangis na estado at hahawan ng landas sa pagtatatag ng tunay na mapayapa, maunlad at masaganang lipunan. K

*BALITA*

## Tuluy-tuloy na Kilusang Pagwawasto sa TK

Tagumpay na nakapaglunsad ng serye ng pag-aaral ang mga kadreng urban sa isang komite sa lungsod sa TK. Alinsunod sa panawagan ng Partido na puspusin ang kilusang pagwawasto, tinalakay ng mga kasama ang mga dokumento ng Una at Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ngayong Oktubre.

Tinalakay sa serye ng pag-aaral ang mga dokumentong:

- Iwasto ang Kamalian at Muling Itayo ang Partido
- Paglalagom ng Ating Tatlong Taong Karanasan
- Ang Mahigpit Nating Tungkulin
- Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan
- Muling Pagtibayin ang Ating mga Saligang Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali
- 9-Taong Paglalagom ng IDKP sa Timog Katagalugan
- Manindigan Para sa Sosyalismo Laban sa Rebisyunismo.


Muli rin silang nag-aral ng Saligang Batas ng Partido at ng Programa para sa Pambansa-Demokratikong Rebolusyon bilang paghahanda.

Tumimo sa mga mag-aaral kung paano haharapin ang mga kasalukuyang hamon sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Ayon kay Ka Pedro, isa sa mga mag-aaral, "Nakita ko kung paano susuriin ang tama at mali sa tuwing lulubog sa mga eryang kinikilusan, sa seguridad at sa pangkalahatan."

Naging mahalaga rin ang pag-aaral para masuri ng mga kasama ang mga maling estilo sa paggawa na nasasalamin sa kanilang pagkilos. Ayon kay Ka Aga na kumikilos sa hanay ng mga manggagawa, "Konserbatibo ako minsan na humarap sa masa kasi mas bata ako sa kanila at nahihirapan ako minsan tumindig kapag mas matanda ang kausap ko. Nakakatulong ang pag-aaral para maigpawan ito."

Karugtong ang aktibidad ng mga pag-aaral na isinagawa ng komite hinggil sa Burukratismo, Kumandismo at Liberalismo at sa Ang Komunista ay Dapat Maging Abanteng Elemento ng Proletaryado.

Determinado ang mga kasamang nakapagtapos na lubusin ang kilusang pagwawasto bilang puhunan sa ibayong pagsulong. Inspirasyon ang gawaing konsolidasyon at pag-aaral sa hanay ng mga kasapi ng SPL at rebolusyonaryong kilusang masa. K






> “…bakit ang terminong malapyudalismo ang pipiliin sa halip na malakapitalista o nasa transisyon tungong kapitalismo? Idinidiin ng terminong malapyudal ang katotohanan na kung ang lokal na sistema ng produksyon ang pag-uusapan, sa kasaysayan at sa kasalukuyan, mas dikit sa pyudalismo ang malaking burgesyang kumprador kaysa sa kaunlarang kapitalistang industriyal, na patuloy na nasasagkaan hanggang ang ekonomya ay nakatali sa imperyalismong US at nananatiling nasa saklaw ng impluwensya ng pandaigdigang sistemang kapitalista.”

*- Si Jose Maria Sison hinggil sa Moda ng Produksyon, panayam ni Julieta de Lima-Sison, Hulyo 1983*

# Ang pagbabalik sa Cherry sa panahon ng kilusang pagwawasto

ni Ka Mariya

Magagandang kwento, karanasan at aral sa mga kasama ang ibinunga ng kampanyang Kilusang Pagwawasto sa isang larangang gerilya sa Timog Katagalugan. Layon nitong ikambyo pasulong ang mga rebolusyunaryong gawain mula sa pagkakabalaho nito sa matagal na panahon.

Sa kabila ng tuloy-tuloy na atake ng kaaway, naging mapamaraan sa pag-iisip ang isang rekoberi yunit ng BHB kung paano pasusuntukin sa hangin ang kaaway. Matapang na binalikat ng mga kasama ang mabibigat na tungkulin sa pagpasok sa erya.

Tumatak sa isip ng mga kasama ang laman ng tagubilin ng Komite Sentral na paggamit ng Rebolusyonaryong Talisik* para maging matalas at nakapokus ang pag-iisip sa bawat tungkulin sa gawaing rekoberi. Nakakintal rin ang prinsipyo ng pagtitiwala at pagsandig sa masa habang nagsasaliksik at nagsusuri.

Sa pagbabalangkas ng partikular na kapamaraanan kung paano ipapatupad ang kilusang pagwawasto, nakabuo ng mga kasabihan at panuntunan ang mga kasama. Naging paborito ang “Ang kawalan ng plano ay pagpaplanong mabigo” at “Ang unang pagkabigo ay ang hindi pagtatangka.”

Kabilang sa mga paghahanda sa gawain ng mga opisyal at mandirigma ng yunit ang pagsariwa sa kursong Mga Prinsipyo ng Gawaing Masa sa Kanayunan, palihan sa pagtuturo ng Padepa at pasasagawa ng SICA at pag-aaral sa Indeks praymer na pumapaksa sa RCSPO na parte ng kontra-rebolusyunaryong gera ng kaaway.

Paglapag ng mga kasama sa komunidad ng Cherry, sinalubong sila ng samutsaring reaksyon. Mabilis lamang napawi ang takot at pangamba ng ilan nang manaig na ang pagtitiwala ng Cherry sa kinasasabikan nilang Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Sa kabila ng todong atake ng kaaway sa Cherry, buong puso nilang tinanggap ang yunit ng BHB sa lugar nila. Kitang-kita sa kanilang mga mata at mahigpit na pagkamay ang pagkasabik sa mga kasama.

Ani Ka April, dating kasapi ng BHB na nasa Sangay ng Partido sa Lokalidad (SPL) ngayon, “Sobra ko kayong na-*miss* kasama, minsan kapag nagkukwentuhan kami ng asawa ko sabi ko sana okey lang kayo, sana magkita-kita pa tayo.”

Marami silang kwento sa mga kasama. Idinudulog nila ang mga problema tulad ng nakaambang panghihimasok at pang-aagaw ng kanilang lupang ninuno parang bigyang daan ang dayuhang pagmimina.

Ginagamit nito kasabwat ang lokal na reaksyunaryong pamahalaan ang proteksyon ng militar at pulis para siguraduhing walang tututol sa proyektong mina.

Pero dahil may malalim na ugat ang rebolusyunaryong kilusan sa Cherry, kahit natagalang makabalik ang mga kasama sa lugar, nanatili ang mga aral ng pagkakaisa at paglaban. Anumang panggigipit at panloloko sa kanila, hindi sila pumayag na makapasok ang dayuhang mina sa kanilang lupain.

Isinagawa agad ng yunit ang pulong masa sa komunidad. Nagkakailan ang debriping sa mga residenteng nahawakan ng sundalo para muling ilinaw ang katangian ng kaaway at tamang prinsipyo ng pagpanig sa rebolusyon. Dahil dito, nakuha ng mga kasama ang tunay na saloobin ng masa. Binasag ng mga kasama ang takot, dudahan at itim na propagandang ipinapakalat ng kaaway sa kanilang lugar.

Ani Ka Sisa, miyembro ng SPL at minsang isinama ng kaaway sa kampo militar, “Masama na talaga ang aming loob dahil ngayon lang kayo pumunta sa amin, at di totoong isinuko namin ang aming paninindigan. Kanino ko iyon sasabihin kung wala naman kayo? Ang totoo, ang puso namin ay sa NPA pa rin.”

Matapos ang mga pagkausap at puspusang pagpapaliwanag, naroon pa rin ang pag-aalimpuyo ng kanilang damdamin para sa rebolusyon at ang kapasyahan na magpatuloy sa pagkilos. Higit na naunawan ng masa ang mahigpit na pangangailangang muling isaayos ang organisasyon ng Partido. Muling binuo ang SPL at nagplano para sa pagrereaktiba ng samahang masa sa lugar. Itinayo ang bagong yunit ng Milisyang Bayan, pati na rin ang organisasyon ng magsasaka at kababaihan.

Nagsagawa rin ng Parangal para sa mga rebolusyonaryong martir mula sa Cherry.

Nagkaroon ng serye ng pag-aaral hinggil sa kilusang pagwawasto at pananariwa sa kanilang sinumpaan sa Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). Halos maluha ang lahat nang muling manumpa bilang kasapi sa harap ng bandila ng PKP na itinaon sa ika-55 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan.

Matagumpay ang pagbabalik sa erya ng Cherry. Matagumpay ang pagsusulong ng Kilusang Pagwawasto sa yunit. Matapang at mahusay na pinanghawakan ng mga kasama ang mga tungkulin na dapat gampanan upang ibayong isulong ang rebolusyon sa gitna ng makabagong hamon. K

** talisik (perspicacity) - kakayanang tanawin ang mga bagay o pangyayari batay sa kongkretong pagsusuri. Mula sa Ang Bayan Marso 29, 2024.*

KORESPONSAL

# Kainutilan ng gubyerno sa pagkalat ng ASF sa Batangas

Inutil ang tugon ng pambansa at lokal na gubyerno sa kumakalat na African Swine Fever (ASF) sa mga babuyan sa Batangas. Ipinailalim sa *state of calamity* ang probinsya mula Agosto 8 dahil umabot na sa mahigit 40 barangay sa walong bayan ang apektado ng ASF. Aabot na sa higit ₱100 milyong halaga ang nawala sa mga magbababoy dahil sa pagkatay (*cull*) ng mga baboy.

May 943,180 baboy sa probinsya, pinakamarami ang mga alagang hayop dito. Nasa 8,831 baboy na ang pinakatay ng lokal na pamahalaan upang pigilan ang pag-alagwa ng ASF. Pinakamalalang apektado ng ASF ang Lobo, sunod ang Rosario, San Juan, Talisay, Calatagan, Lian, Tuy, at Lipa City. Sa Lobo, anim na barangay na lamang ang walang kaso ng ASF.

Mayorya ng mga apektado ng ASF ay mga pamilyang may malilit na babuyan. Ilang taon ang kanilang ginugol para mamuhunan sa pag-aalaga ng mga baboy. Sa dating pamantayan, karaniwang namumuhunan ang maliliit na magbababoy ng ₱20,000-50,000 at nag-aalaga ng mas mababa sa 10 inahin o 100 baboy.

Hindi pa sigurado ang mga magbababoy kung kailan matatanggap ang ₱5,000 ayuda at *calamity fund* na ipinangako ng pamahalaan. Sa halip, itinutulak ng Department of Agriculture (DA) ang pautang sa mga naluging negosyante.

Saad ni Linda, residente sa isa sa mga barangay na apektado ng ASF, “2019 pa tayo nagkakaganito, 2024 na, ganito pa rin. Siguradong sa huli na naman matatanggap yung ayuda na yun tulad dati, ubos na ang mga baboy.”

Kwento niya, unang bahagi pa lamang ng Hulyo ay ipinagbawal na ang paglalabas ng mga baboy mula sa kani-kanilang barangay. Saksi siya nang pabalikin ng pamahalaan ang isang trak na mayroong 18 baboy pambenta. Agad umanong ipinakatay ang mga ito kahit hindi siguradong may ASF.

Ayon sa Kalihim ng DA na si Francisco Tiu Laurel, prayoridad ang Batangas sa mabibigyan ng bakuna dahil isa ito sa pinakamalaking taga-suplay ng baboy sa bansa. Noong Setyembre, dumating ang 10,000 na dosis ng bakuna kontra ASF na hahati-hatiin sa mga babuyan sa buong bansa. Maglulunsad pa umano sila ng isa pang bugso ng



pagbabakuna sa Nobyembre na mayroong din lamang na 10,000 dosis at target na 600,000 dosis pagdating ng Disyembre. Naglaan ng ₱350 milyon pondo ang DA sa pagbabakuna ng mga baboy.

Mahigit isang buwan na ang lumipas mula nang ideklara ang *state of calamity* sa Batangas dahil sa ASF bago nagsimula ang pagbabakuna sa mga baboy rito. Nagsagawa ng pagbabakuna sa mga baboy sa Lobo at Lipa City kung saan kulang 1,000 baboy lamang ang naturukan noong Setyembre.

Anang mga Batangueño, "Kulang na nga, huli pa para agapan ang padagdag nang padagdag na bilang ng kinakatay na baboy."

Pinuna rin nila ang militaristang katangian ng kampanyang kontra-ASF ng gubyerno. Sa halip na magpadala ng mga eksperto sa paghayupan sa mga nasabing *checkpoint*, AFP-PNP ang nangunguna sa mga ito.

Reklamo ng mga Batangueño, ginagamit lamang na dahilan ang hambalos ng ASF sa lokal na suplay ng industriya upang mag-angkat ng marami pang karne at produktong baboy sa higit na mababang taripa at presyo. Pangamba ng mga magbababoy, lalo silang isasakdal ng importasyon sa pagkalugi. Bago pa man nanalasa ang ASF ay lubog na ang mga magbababoy sa utang dahil sa mataas na presyo ng *feeds*.

### Paano nakarating ang ASF sa Pilipinas?

Taong 2019 pumasok ang ASF sa bansa dahil sa pag-i-ismagel ng produktong pork sa bansa kalakhan galing China. Ayon sa Bureau of Customs at Bureau of Animal Industry, higit-kumulang ₱30 milyong ang halaga ng *smuggled pork products* na pumasok sa Pilipinas noong 2019 at 2020. Ginagamit ang mga ito sa mga *hotel*, *restaurant* at iba pang kainan.

Lumubha ang pagkalat ng ASF dahil sa iresponsableng pagtatapon ng mga establisyimento ng mga tirang pagkain na nagtataglay ng mga kontaminadong *pork products*. Dumaloy ito sa tubig at maaaring naipakain sa mga baboy kaya't madaling kumalat.

Nagmumula ang 71% ng karneng baboy sa industriya sa lokal na produksyon kaya malaki ang epekto ng ASF sa pagtitiyak ng sapat na suplay ng baboy sa pamilihan at para sa mga *pork products* na lokal na minamanupaktura.

"Maya-maya tataas na naman ang presyo ng bilihin, sino'ng mahihirapan? Di ba tayo na naman?" daing ni Linda.

*BANTAY KARAPATAN*

## Bugso ng *crackdown*, paghahasik ng puting lagim sa TK

**Isang NDFP *consultant* at 36 progresibong organisador at aktibistang masa sa Timog Katagalugan ang inaresto sa serye ng *crackdown* ng mga pasistang pwersa ng rehimeng US-Marcos II nitong Oktubre.**

Dinakip ng pinagsanib na pwersa ng 2nd ID at pulis si Wigberto Villarico at Marjorie Lizada, sa Brgy. Fairview, Quezon City noong Oktubre 24. Si Villarico ay *peace consultant* na kumakatawan sa Southern Tagalog habang si Lizada ang kanyang istap. Siya ang ikatlong NDFP *consultant* na inaresto sa bansa sa buwan ng Oktubre.

Ang pag-aresto kay Villarico ay labag sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG). Ipinapanawagan ang kanyang paglaya sa bisa ng JASIG at makataong batayan. Siya ay 68 anyos at umiinda ng mga sakit sa puso, baga, buto at iba pa.

Dalawang organisador naman ng mga manggagawa sa TK ang inaresto sa Makati City noong Oktubre 27. Si Gavino Panganiban ay upisyal sa kampanya ng Pamantik-KMU habang si Maritess David ay mula sa pederasyong OLALIA-KMU.

Kinakaharap ni Panganiban ang gawa-gawang kasong pagpatay at tangkang pagpatay na nakasampa sa korte ng Infanta at Gumaca sa Quezon samantalang si David ay diumanong may kaso ng paglabag sa Comprehensive Law on Firearms and Ammunition sa korte sa Santa Rosa, Laguna. Ayon sa Pamantik-KMU, kinasuhan ng gawa-gawang kaso sina Panganiban at David sa layuning supilin ang mga manggagawa at kanilang pakikibaka.

Noong Oktubre 1, iligal na inaresto sa Taytay, Palawan si Sefriano Liabres, dating organisador ng Samahan ng mga Magsasaka at Katutubo ng Mindoro. Nagpapagamot siya nang damputin ng mga pulis.

Dalawang organisador ng magsasaka na sina Bong Fran at Kelvin Joaquin ang dinakip sa Brgy. Hagupit, Bongabong, Oriental Mindoro noong Oktubre 24. Sila ay tumutulong sa mga magsasakang apektado ng Bagyong Kristine nang arestuhin. Kinasuhan sila ng rebelyon sa korte ng Pinamalayan, Oriental Mindoro. Pinalabas din ng AFP-PNP na nakumpiska sa kanila ang isang .45 kalibreng pistola, pampasabog, mga gadyet at dokumento.

Sa Occidental Mindoro naman, dinakip ng mga pulis at militar ang 29 Mangyan Iraya sa Hacienda Almeda sa Abra de Ilog noong Oktubre 18. Sa mga hinuli, 17 ay matatanda habang 12 ay menor de edad. Inaagaw ang naturang asyenda ng pamilyang Almeda kasabwat ang Pieceland Corporation.

TUGON
ni
PATNUBAY DE GUIA

# Paano nakikinabang ang US sa mga gerang agresyon ng Zionistang Israel sa Middle East?

Umaani ng pandaigdigang batikos ang napakabrutal na gerang agresyon ng Zionistang Israel sa Middle East. Isang taon mula Oktubre 7, 2023, isinagawa nito ang pinaigting na kampanyang henosidyo sa mamamayang Palestino sa Gaza at West Bank na nagresulta sa 43,000 patay (27,000 ay mga bata at kababaihan) at 2.1 milyong sapilitang lumikas. Hindi pa nasapatan, inatake ng Israel ang mga karatig na bansang Yemen, Syria, Iran at Lebanon. Matapos ideklarang sasakupin ang ilang bahagi ng Lebanon, binomba ng Israel ang kapitolyong Beirut nitong Oktubre. Aabot sa 500 Lebanese ang namatay, kabilang ang mga bata, at 1.2 milyon ang sapilitang lumikas.

Ang mga pang-aatake ng Israel ay malinaw na paglabag sa mga internasyunal na makataong batas at alituntunin sa digma. Higit pang pinatutunayan ang kawalang puso ng Zionistang estado sa pagbibingi-bingihan nito sa panawagang magkaroon ng *truce* upang magpapasok ng *humanitarian aid* para sa mga biktima. Inaatake rin ng Israel maging ang mga United Nations Interim Forces o mga *peacekeepers* sa Lebanon.

Sa kabila nito, nananatili ang US bilang kasangga at taga-suporta ng gera ng Israel. Katunayan, magpapadala ito ng mga sistemang Terminal High-Altitude Area Defense at 100 sundalong Amerikano bilang bahagi umano ng "pagpapahupa ng tensyon sa Middle East". Nagmamaniobra din ang administrasyong Biden upang makalikom ng hight $14 bilyong pambili ng mga armas ng gubyernong Netanyahu mula Oktubre 2023. Tuluy-tuloy pang hinihikayat ng US ang ibang mga kaalyadong bansa sa Europe kagaya ng United Kingdom (UK) at France na magpadala ng mga ayuda at suportang militar sa Israel.

Sa kabila ng malalakas na pagkundena ng internasyunal na komunidad sa Israel, sadyang hindi tinatalikuran ng imperyalismong US ang Zionistang estado. Sa kasaysayan, aabot sa 42 beses na ginamit ng US ang kapangyarihang *veto* sa mga resolusyon ng United Nations kaugnay sa pagkundena sa Israel. Sinuportahan din ng US ang mga gerang nilahukan ng Israel sa Middle East kagaya ng Six Day War ng 1967 (laban sa Jordan); Israeli-Egyptian War of Attrition noong 1967-1973; Yom Kippur War noong 1973 (laban sa Egypt at Syria); Persian Gulf War noong 1991 (laban sa Iraq); at Lebanon War noong 2006. Sa buong mundo, ang Israel ang tumatanggap ng pinakamalaking suportang militar mula sa US matapos ang World War II. Nasa $3.8 bilyong ayuda at suportang militar ang ibinibigay ng US dito taun-taon hanggang 2028.

### Ano ang Middle East?

Binubuo ang Middle East ng 18 bansa: Bahrain, Cyprus, Egypt, Iran, Iraq, Israel, Jordan, Kurdistan, Kuwait, Lebanon, Oman, Palestine, Qatar, Saudi Arabia, the Syrian Arab Republic, Turkey, the United Arab Emirates at Yemen. Pinakamalaking etnikong grupo rito ay mga Arabo, kasunod ang Iranian at Turkic. Mayorya sa mamamayan dito ay Muslim. Dito matatagpuan ang 5.2% ng populasyon ng daigdig (2015). K

**Geopulitikal at pang-ekonomikong interes**

Susing piyon ng US ang Israel para sa geopulitikal at ekonomikong interes nito sa Middle East. Nais ng US na makopo ang mayamang rekurso sa rehiyon. Matatagpuan dito ang 55.2% ng reserbang langis at 27.5% reserba ng *natural gas* ng daigdig (2015). Ito ang yamang pinaglalawayan ng US, lalo't tumataas ang *demand* nito sa paggamit ng mga produktong petrolyo. Ngayon, inaangkat ang 55% ng kinokonsumong langis ng US.

Bago pa man hangarin ng US na makontrol ang yaman sa Middle East, pinag-aagawan na ito ng mga bansa sa Europe kagaya ng UK at France. Sinagpang ng US ang bumagsak na ekonomya ng UK at France matapos ang World War II at nanghimasok sa Middle East. Unang nakakuha ng langis ang kumpanyang Standard Oil of California ng US sa Saudi Arabia noong 1936 at nagpakanang kontrolin ang mas mura at malalaking deposito ng langis roon pati sa mga karatig-bansa sa Persian Gulf na United Arab Emirates, Kuwait at Bahrain.

Sa pagkagahaman ng US na kontrolin ang mayamang rekurso sa Middle East, tuso itong bumuo ng mga kasunduang panlabas sa mga bansa rito para gawing istable ang presensya ng US at kontrahin ang mga namumuong anti-US na blokeyo o kapangyarihan sa rehiyon. Dito pumabor ang "kawalan ng estado ng mga Hudyo" para ipwesto ang Israel sa Middle East. Bukod dito, inalagaan din ng US ang ugnayan sa Saudi Arabia.

Ginamit na sangkalan ng US at Organization of Petroleum Exporting Countries ang umiigting na bangayan sa eleksyon sa US at gera sa Middle East sa pagmamanipula sa merkado at presyo ng langis. Nitong katapusan ng Oktubre hanggang unang linggo ng Nobyembre pa lamang, tumaas nang 4% ang presyo ng produktong petrolyo.

**Estratehikong pagposisyon sa Middle East**

Mula 1952, binuo ng US at Israel ang Mutual Defense Assistance Agreement na ginagamit ng US upang makapanghimasok sa Middle East. Nitong Agosto, mayroon nang humigit-kumulang 40,000 tropang Amerikano sa Middle East. Ipinasok pa ang Carrier Strike Group: USS Abraham Lincoln na may walong *squadron* sa palusot na "pagsuporta sa Israel laban sa Iran". Dala ng *strike group* na ito ang tatlong *guided missile destroyer* na ipinwesto sa Gulf of Oman at Red Sea.

Bago pa ito, nauna nang nakapwesto ang iba pang pwersang nabal ng US sa Middle East: ang Wasp Amphibious Ready Group at 34th Marine Expeditionary Unit Special Operations Capable na may 4,500 tauhan. Mayroon pa itong limang *destroyer* at isang *littoral combat ship* na nasa Eastern Mediterranean at Red Sea. Nakapakat din dito ang libong pwersa ng US Air Forces Central para sa *combat*, *intelligence*, sarbeylans at iba pa.

Isinasagawa rin ng US at Israel ang taunang pagpupulong na Joint Political-Military Group upang magtalakay sa mga plano at tulungan sa seguridad sa rehiyon. Bahagi ito ng binalangkas na Qualitative Military Edge (QME) ng US noong 1968 na nagbibigay ng bentaheng militar sa Israel para maungusan ang mga kalabang estado sa Middle East, lalo sa mga bansang Arabo na malapit sa mga karibal na imperyalistang Russia at China.


Salik ang QME sa mabilis na pagpapaunlad ng Israel ng mga armas pandigma. Halimbawa nito ang pamamayagpag ng kumpanyang Elbit Systems sa paggawa ng *drones* at kagamitang pampaniktik. Mula sa Israel ang 2.1% ng kabuuang ineeksport na kagamitang militar sa daigdig. Aabot sa $3.5 bilyon ang kita ng 150 kumpanyang militar sa Israel taun-taon.

**Pagkakamal ng tubo para sa gera at henosidyo**

Habang sinusulsulan ang Israel na maghasik ng gerang agresyon sa mga karatig-bansa sa Middle East, limpak-limpak na salapi ang kinikita ng US sa pamamagitan ng *military industrial complex* nito. Tumabo ng tubo ang Lockheed Martin, RTX (dating Raytheon), Boeing, General Dynamics at iba pang kumpanyang Amerikano mula noong Oktubre 7, 2023. Noong Disyembre 2023, nakuha ng kumpanyang Lockheed Martin ang $10.5 milyong kontrata sa Israel para sa *fighter jets*.

Kumikita rin ang iba pang mga kumpanya na hindi direktang kalahok sa produksyon ng armas kagaya ng Caterpillar at Ford para sa

## MGA PRODUKTONG LOCKHEED MARTIN (LM)* NA GAMIT NG ISRAEL




*Ang LM ay isa sa mga kumpanyang lumilikha ng mga kagamitan at sasakyang pandigma sa ilalim ng US military industrial complex habang ang Sikorsky Manufactures ay isa sa mga subsidyaryo nito.

mga proyektong imprastraktura at "rehabilitasyon" sa Israel. *Bulldozer* ng Caterpillar ang nagdedemolis sa mga tahanan ng mamamayang Palestino at imprastraktura sa Gaza at West Bank. Gamit sa transportasyon ng mga kagamitan at pwersa ang mga sasakyang likha ng Ford, pati ng Toyota na kumpanyang Hapones.

Higit 100 kasunduan pa ng bentahan ng armas ang naganap sa pagitan ng US at Israel mula Oktubre 2023 subalit dalawa lamang ang isinapubliko. Mula Oktubre-Disyembre 2023 lamang, tumanggap ang Israel ng 10,000 toneladang armas pandigma kabilang ang 15,000 bomba at 50,000 balang artilyeri na ginamit para pulbusin ang Gaza at West Bank.

**Pagbigo sa gerang agresyon ng US at Israel**

Sa kasaysayan, marubdob na nilabanan ng mga mamamayan sa Middle East ang panggegera ng US at Israel sa rehiyon. Umusbong ang mga pag-aaklas ng mga bansang ito para labanan ang imperyalistang panghihimasok ng US at ang pasismo ng Israel.

Isa sa pinakamatagal na nakikipaglaban sa imperyalismong US-Zionistang Israel ang mamamayang Palestino na pinalayas sa kanilang lupang tinubuan noong 1948. Makasaysayan ang ginawang pang-aatake na tinaguriang Al Aqsa Flood noong Oktubre 7, 2023 sa pangunguna ng armadong pwersang Hamas laban sa Israel. Muli nitong pinasikad ang pakikibaka ng mamamayang Palestino para sa pambansang pagpapalaya at laban sa pasismo, pang-aapi at panunupil ng Zionistang Israel. Inilantad nito sa internasyunal na komunidad ang kahayupan ng US at Israel.

Umaani ng suporta ang mamamayang Palestino mula sa internasyunal na komunidad na namumuhi sa gerang agresyon ng imperyalismong US. Lumalakas at lumalawak ang panawagan ng mga mamamayan maging mula sa mga imperyalistang bansang US, UK, France at Australia para ipatigil ang pagpapadala ng armas na nagdudulot ng pambobomba at malawakang henosidyo sa Middle East. Tinutuligsa nila ang pagpaprayoridad ng kanilang mga gubyerno sa pagbibigay suporta sa gerang agresyon ng US at Israel kaysa sa mga serbisyong panlipunan sa kanilang bansa.

Sa nagdaang taon, tagumpay ng pakikibaka ng mamamayang Palestino ang pagtataas ng kamulatan ng pandaigdigang komunidad hinggil sa mga gerang agresyon ng US-Israel. Nagbibigay ng inspirasyon sa mamamayan ng daigdig ang kanilang magiting na paglaban. Dito sa Pilipinas, may mga pagsisikap

ang mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa na makipagkaisa sa pakikibaka ng Palestine.

Tunay nga na ang pagkahayok ng imperyalismong US sa gera ay nagtutulak sa mga mamamayang api na tumahak sa landas ng rebolusyon. Nararapat pag-ibayuhin ang rebolusyon sa kani-kanilang mga bayan upang gapiin ang imperyalismo. Ang pagwagi ng mga digmang bayan sa daigdig ay malaking hakbang tungo sa pagkakamit ng sosyalismo. K

## Bakit may Zionistang estadong Israel?

Inasam ng mga imperyalistang bansang UK at US na magkaroon ng muog sa Middle East dahil sa mayamang rekurso rito. Subalit pangunahing hadlang sa kanilang ambisyon ang pagtutol at paglaban ng mga bansang Arabo. Upang makamit ang imbing layunin, sinagpang ng imperyalismong US ang pag-usbong ng kilusang Zionismo ng mga Hudyo noong huling bahagi ng 1800. Layon nitong makabalik ang mga Hudyo sa Israel matapos ang Jewish *diaspora* o malawakang paglikas noong ikawalo hanggang ikaanim na siglo BCE.

Noong 1922, matapos ang World War I, natalo ang Ottoman Empire na sumasaklaw sa Palestine at napasailalim ang teritoryo sa UK. Ipinatupad ng UK ang Mandate for Palestine matapos itong aprubahan ng League of Nations (dating United Nations). Nilaman ng Mandate for Palestine na itatayo ang pambansang tahanan ng mamamayang Hudyo sa Palestine. Sinuportahan din ito ng US sa pamamagitan ng pagpapasa ng sariling resolusyon sa Kongreso.

Pagsapit ng 1947, binalangkas ng General Assembly ng United Nations ang plano para sa pagpapatupad ng magkahiwalay na independyenteng estado ng mga Arabo at Hudyo sa Palestine na tinanggap ng kinatawan ng mga Hudyo ngunit tinuligsa ng mga Arabo. Pumutok ang 1948 Arab-Israel War sa pagitan ng Israel (na sinuportahan ng US) laban sa Iraq, Egypt, Syria at Transjordan. Sa proseso ng gera, naganap ang Al Nakba (ang sakuna) na nagpalayas sa 700,000 Palestine. Matapos ang gera, idineklara ang isang *ceasefire* at itinakda ang pansamantalang mga hangganan: inihiwalay sa Jordan ang West Bank at East Jerusalem. Sa kasalukuyan, inaagaw pa ng Israel ang West Bank at Gaza Strip na tahanan ng limang milyong mamamayang Palestino.

Sapul nang mabuo ang estado ng Israel, ginamit ng naghaharing uri nito at US ang Zionismo para ikatwiran ang pananakop ng Israel sa ibang bansa, pang-aagaw ng lupa at pandarahas sa mamamayang Palestino. Noong 2018, isinabatas ni Prime Minister Benjamin Netanyahu ang Israel's Nation State Law na nagbibigay ng ligal na proteksyon sa mga aksyon ng Israel para idepensa ang "soberanya" nito kahit nakapipinsala na sa karapatan ng ibang lahi at bayan. K

## Technol Eight, nagmamatigas sa demanda ng mga manggagawa

Patuloy na binabarat ng kapitalistang Technol Eight Philippines Corporation ang kanilang mga manggagawa sa gitna ng pakikipag-usap ng unyon para sa Collective Bargaining Agreement (CBA).

Agosto 2024 pa nagsimula ang negosasyon sa CBA ng Technol Eight Philippines Workers Union-OLALIA-KMU. Bagamat umabot na ng sampung negosasyon, kasalukuyan pa ring nakatengga ang ilang mga punto sa inihain na CBA Proposal ng unyon, partikular sa mga usaping pang-ekonomiya at regularisasyon ng mga manggagawa.

Sa kasalukuyan, mayroong hindi bababa sa 60 manggagawang kontraktwal sa Technol Eight, kung saan 30 ay nakakontrata sa *manpower agency* na Segen Technologies, Inc. Ang iba ay nakapailalim sa *fixed term contract* direkta sa Technol Eight.

Buwan ng Hulyo bago magsimula ang negosasyon, nangako ang kapitalistang Technol Eight na hindi lalagpas ng sampung negosasyon ang itatagal ng CBA dahil sa umano'y dagsa ng produksyon sa mga susunod na taon. Nangako ito sa unang pulong pa lamang habang inilalatag ang *ground rules* ng CBA.

Ngunit sa aktwal, binalaho ng mga negosyador ng kapitalistang Technol Eight ang CBA. Bitbit ng mga ito ang samutsaring dahilan na lalong nagpapatagal sa usad ng CBA.

Naglunsad ang mga manggagawa ng Technol Eight ng serye ng sama-samang pagkilos bilang tugon sa pananabotahe ng kapitalista sa CBA. Bago magsimula ang ikawalong negosasyon noong Setyembre, nagsuot ang mga kontrakwal na manggagawa ng laso (*ribbon*) na may panawagang "Manggagawang kontrakwal, gawing regular" para igiit ang kanilang karapatan sa regular na hanapbuhay.

Nagsabwatan ang Segen at kapitalistang Technol Eight at agad na pinadalhan ng *notice to explain* ang mga kontraktwal na lumahok sa pagkilos noong Setyembre.

Hindi ito ang unang pakana ng Segen upang supilin ang pagkilos ng mga manggagawa. Tinangkang suhulan ng Segen ang mga ito sa pamamagitan ng pangangako ng mga benepisyo tulad ng umento sa sahod, *meal allowance* at *birthday token*. Walang nagkatotoo sa mga pangakong ito.

"Malinaw na gumagamit ng taktikang *carrots-and-stick* ang kapitalistang Technol Eight para buhusan ng malamig na tubig ang nag-aalab na pakikibaka ng mga manggagawa," ani Teodoro Miguel, tagapagsalita ng Revolutionary Council of Trade Unions-Laguna. "Ang ganitong mga hakbangin ng Segen Agency at kapitalistang Technol Eight ay walang panama sa matikas na maskulo ng pinagsamang lakas ng mga manggagawang kontrakwal para isulong ang isang mas malakas na laban sa pagkamit

ng kanilang demokratikong karapatan."

Ang Technol Eight ay dayuhang kumpanyang Hapones na gumagawa ng mga pyesa ng sasakyan bilang *subsidiary* ng dambuhalang kapitalistang Toyota Motor Philippines. Isa sa mga kasalukuyang proyekto nito ay ang mga *body parts* para sa bagong model ng *e-jeep* na ilalabas kaugnay ng iniraratsadang Public Transport Modernization Program ng rehimeng US-Marcos II.

Sampung taon nang nakikibaka ang unyon ng TEPWU-OLALIA-KMU para sa sahod, benepisyo, at karapatan ng mga manggagawa. Nagkamit na ito ng mga tagumpay para sa dagdag sahod, benepisyo at regularisasyon.

"Hamon sa lahat ng manggagawang nakakaranas ng ganitong pagyurak sa kanilang karapatan na magpundar ng mga kasapi ng Rebolusyonaryong Kilusang Lihim at patatagin ang mga Rebolusyonaryong Unyon sa kalunsuran," mensahe ni Miguel. "Magsisilbing gabay ito ng mga manggagawa upang maiangat ang pampulitikang pakikibaka ng ating uri tungo sa pamumuno at pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan at sa pagwakas ng lahat ng porma ng pambubusabos ng burgesya laban sa mga manggagawang Pilipino." K



# Demolisyon at panununog ng mga komunidad sa Laguna

Sa probinsya ng Laguna, marubdob na nilalabanan ng mga maralitang lungsod ang pagpapalayas para bigyang daan ang mga proyektong transportasyon ng reaksyunaryong gubyerno at mga pang-aatake sa karapatang tao.

Isa sa mga pinakatampok na laban ay ang pakikibaka ng mga nasunugan sa Brgy. Caingin, Sta. Rosa. Noong Oktubre 7, nagprotesta ang Kadamay-Laguna upang ipanawagan ang kanilang karapatan sa pabahay at serbisyong panlipunan. Dahil ito sa naganap na sunog sa komunidad noong Nobyermbre 6, 2023 para bigyang daan ang proyekto ng Philippine National Railways. Isang bata ang namatay sa sunog. Mag-iisang taon nang naninirahan sa *evacuation center* ang mga biktima dahil natupok ang kanilang bahay at ari-arian at walang programang relokasyon.

Inirereklamo ng mga residente ang kawalan ng malasakit ng lokal na yunit ng gubyerno at mga kaso ng katiwalian sa pamimigay ng ayuda. Ninakaw ng lokal na yunit ng gubyerno (LGU) ang mga *relief goods* para sa mga nasunugan, tinitiktikan ang mga lokal na lider at ni-re*red-tag* ang mga lokal na samahan. Ang ipinagmamalaking pinansyal na ayuda ng LGU ay hindi galing sa kanila kundi sa National Housing Authority.

Dumalo sa protesta si Mimi Doringo, pangkalahatang kalihim ng Kadamay, upang magbigay suporta sa mga biktima. Hinaras ng lokal na yunit ng gubyerno ang mga nagprotesta kasama si Doringo. Sa harap nito, iginiit ng mga maralita ang kanilang karapatan.

Samantala, sa San Pedro, serye na ng demolisyon ang isinagawa sa mga bahay sa tabing riles. Walang-awang sinira ng Department of Transportation (DOTr) ang mga bahay at ari-arian. Wala rin silang ipinamahagi na tulong pinansyal at inayos na relokasyon. Noong Oktubre 16, binigo ng mga residente ng Brgy. Nueva at Fatima ang demolisyon ng DOTr at PNR.

Sa kabila ng pasismo at kawalan ng aksyon ng LGU, hindi pinanghihinaan ng loob ang mga maralitang lungsod. Tuloy ang kanilang laban para sa panirikan, kabuhayan at serbisyong sosyal. K






# Mga manininda at drayber sa Batangas City Pier, lumalaban para sa kabuhayan

Naglunsad ng serye ng protesta ang mga manininda at manggagawa sa transportasyon sa Batangas City Pier (Batangas International Port) mula Oktubre 1 hanggang 21 upang labanan ang demolisyon ng maliliit na tindahan na bahagi ng proyektong *expansion* ng daungan.

Lumahok sa pagkilos ang mga maninindang layang-layang, kombatsero at mga nagkakantina. Nanguna sa protesta ang Sta. Clara Multi-Purpose Cooperative (SCMPC), Daungan ng Batangas Trading Corporation, Batangas Port Tricycle Operator Driver Association (BP TODA) at Batangas City Pier Transport Cooperative.

Sinimulan na ng Philippine Ports Authority (PPA) noong Oktubre 3 ang paghuhukay sa loob ng pyer para sa *expansion* ng daungan. Kasama sa plano sa konstruksyon ang pagsasara ng *main gate*, pagsira sa kasalukuyang *yellow gate* at pagtatayo ng kapalit nito. Masasagasaan ng konstruksyon ang *market stalls* ng mga manininda.

Nangangamba ang mga manininda at drayber ng Sta. Clara na mawalan ng kabuhayan dahil sa kasalukuyang *yellow gate* dumadaan ang mga kostumer ng mga lokal na tindahan. Ito rin ang lagusan papuntang sakayan ng mga *jeep* at *tricycle* sa Sta. Clara. Halos tatlong

dekada na silang naghahanapbuhay rito.

Idinulog na ng mga lokal na manininda at manggagawa sa transportasyon ang kanilang pagtutol sa proyekto kay Batangas Governor Hermilando Mandanas, ngunit aniya, wala siyang awtoridad sa mga proyekto sa loob ng pyer. Sinabihan lang ni Mandanas ang mga manininda at drayber na sumulat sa PPA.

Hindi ito ang unang beses na nanganib ang kabuhayan ng mga manininda. Matatandaang noong Mayo 7, 2021, isinara ng PPA ang *yellow gate* sa Batangas Pier. Sapilitan itong ipinasara at sa *main gate* pinadaan ang mga pasahero na sobrang layo sa mga tindahan at paradahan ng *tricycle* at *jeep*. Nawalan ng mamimili ang mga manininda sa pyer. Sa panahong ito'y iniinda pa ng mga manininda ang epekto sa kabuhayan ng *lockdown* at pandemya.

"Habang ang mga komersyal na establisiyimento tulad ng Jollibee at 7-11 ay nagpapasasa sa magandang kapalaran sa loob ng Batangas International Port, walang iba kundi ang mga 'maliit na tindera' at ang mga *ambulant* na 'panutsa-*sellers*' ay nanganganib sa kanilang buhay araw-araw na nakabitin sa mga dumadaang bus, kumikita ng kakarampot na ₱30 sa isang araw!" ayon sa isang manininda sa SCMPC.

Ang *expansion* at renobasyon ng Batangas City Pier ay kabilang sa mga pambansang proyektong pang-imprastraktura. Noong Abril, dumalo pa si Ferdinand Marcos II sa inagurasyon ng bagong Passenger Terminal Building sa pyer. 🅺

### *Panawagan sa Buwan ng Magsasaka*

## Tutulan ang neoliberalismo at kumbersyon ng lupa!

Halos 500 magsasaka, pambansang minorya, kababaihan, kabataan at iba pang sektor mula sa Timog Katagalugan ang lumahok sa pambansang pagkilos para sa Buwan ng Magsasaka noong Oktubre 21. Bitbit nila ang panawagang "Mga magsasaka at masang anakpawis sa Timog Katagalugan, ilantad at tutulan ang malawakang kumbersyon ng lupa! Bunutin ang ugat ng neoliberalismo sa agrikultura! Labanan ang pasistang atake ng peste at teroristang US-Marcos Jr.!"




Binuo ang delegasyon ng TK ng iba't ibang samahan ng mga magsasaka at iba pang sektor mula sa Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon at Mindoro. Sumama rin ang kinatawan ng mga katutubong Mangyan ng Mindoro at Dumagat ng Rizal. Kasama ang mga magbubukid mula sa iba pang dako ng bansa, nagmartsa sila mula University of Santo Tomas tungong Plaza Miranda at dumalo sa programang pinangunahan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas.

Naglunsad din ang mamamayan ng TK ng mga kilos protesta sa harap ng mga ahensya ng gubyerno. Nagpiket sila sa harap ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP), Department of Agrarian Reform (DAR) at Department of Environment and Natural Resources. Siningil ng mga magsasaka ang tatlong ahensya sa kainutilan at pagpapakasangkapan ng mga ito sa pangagamkam at kumbersyon ng lupang sakahan at lupang ninuno ng mga katutubo sa rehiyon.

Sa harap ng DAR, ipinahayag ng mga katutubong Mangyan-Iraya at magsasakang Mindoreño mula sa Lupang Almeda, Abra de Ilog, Occidental Mindoro at Guinobatan, Calapan City, Oriental Mindoro ang hinaharap na pagsasamantala at karahasan ng mga panginoong maylupa at mga pwersa ng estado. Idinulog din ng mga residente ng Brgy. Casile, Cabuyao, Laguna ang iligal na pagbabakod at panggigipit ng mga bayarang maton ng mga Yulo sa kanilang lugar.

Naobliga ang ilang opisyal ng DAR na lumabas ng kanilang opisina at harapin ang mga magsasaka. Pormal na naghain ng reklamo ang mga katutubong Mangyan-Iraya mula sa Lupang Almeda hinggil sa pagpapalayas sa kanila at pang-aagaw sa kanilang lupa.

Ipinamalas ng mamamayan ng TK ang kanilang pagiging malikhain sa mga pagtatanghal at prop na gamit sa protesta. Tampok dito ang *mural* ng isang maunlad na kolektibong sakahan na pinoprotektahan ng mga magsasakang may hawak ng karit laban sa mga nakamaskarang PML. Nagtanghal din ang TEKA MUNA ng mga dulang lansangan at awit-galaw na naglalarawan sa kalagayan at pakikibaka ng mga magsasaka. 🅺

# ANG Buhay ng Mahihirap ay "Weather-Weather Lang"

**TAGTUYOT**




**TAG-ULAN**




**TAG-ELEKSYON?**

